

# Gabay para sa mga Lider

SELF-RELIANCE

## PAUNANG SALITA

Malaki ang pangangailangan natin. Maraming miyembrong hindi self-reliant at walang kakayahang "mapaglaanan ang espirituwal at temporal na mga pangangailangan ng sarili at pamilya."[1] Ang pagtulong sa mga tao na maging self-reliant ay gawain ng kaligtasan. Itinuro ni Pangulong Thomas S. Monson: "[Ang pagiging self-reliant] ay mahalagang elemento sa ating kapakanang espirituwal gayundin sa temporal. . . . 'Maging self-reliant tayo at tumayo sa sariling mga paa. Ang kaligtasan ay hindi matatamo sa pamamagitan ng iba pang alituntunin.'"[2]

Kabilang sa mga taong nangangailangan ng tulong para lalo pang maging self-reliant ay ang mga tumatanggap ng fast-offering assistance, mga returned missionary, mga bagong miyembro, mga di-gaanong aktibong miyembro, at mga lokal na priesthood leader na nangangailangan ng mas magandang trabaho. Sa pamamagitan ng Kanyang Simbahan, ang Panginoon ay naglalaan ngayon ng magaganda at bagong tools, resources, at pamamaraan na inilarawan sa gabay na ito para tulungan ang mga miyembro sa kanilang landas tungo sa self-reliance.[3]

Bilang priesthood leader, kayo ay isa sa mga tinukoy ng Panginoon, "Aking ibinigay sa inyo . . . ang mga susi . . . para sa gawain ng ministeryo at sa pagpapaganap ng mga banal" (D at T 124:143), at, "Sa kanya kung kanino ang mga susing ito ay ibinigay ay walang paghihirap sa pagtatamo ng kaalaman ng mga katotohanang may kinalaman sa kaligtasan ng mga anak ng tao" (D at T 128:11). Basahin ang "Ang Talinghaga Tungkol sa Drayber ng Bus" sa kanan. Pag-isipang mabuti ang inyong tungkulin na maisulong ang mahalagang programang ito.

Ang gabay na ito para sa mga lider ay ginawa para tulungan kayo na magamit ang inyong mga susi, maipatupad ang bagong tools na ito at matulungan ang mga miyembro na tulungan ang kanilang sarili na maging self-reliant. Kapag ginawa ninyo ito, gagabayan kayo ng Espiritu Santo at gagawin kayong kasangkapan ng Panginoon sa pagtulong sa mga maralita at nangangailangan at pagpapabilis ng Kanyang gawain ng kaligtasan.

1. *Handbook 2: Administering the Church* (2010), 6.1.1.
2. Thomas S. Monson (binanggit ang pahayag ni Marion G. Romney), "Guiding Principles of Personal and Family Welfare," *Ensign,* Set. 1986, 3.
3. Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa srs.lds.org.

---

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2015 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Pagsang-ayon sa Ingles: 8/13
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 8/13
Pagsasalin ng *Leader Guide*
Tagalog
12373 893

### Ang Talinghaga Tungkol sa Drayber ng Bus

*"Ang programang self-reliance ay tulad ng isang bus na nangangailangan ng lisensyadong drayber.*

*"Ang bus ay binuo ng mga tauhan ng Self-Reliance Services. Ito ay ipinapadala sa pamamagitan ng self-reliance resource center, at ang stake self-reliance committee ang nangangalaga dito. Ang mga stake self-reliance specialist at group facilitator ang tumutulong sa mga miyembro na makasakay sa bus (pero kailangang sila mismo ang kumilos para makasakay sa bus). Ang stake president at mga bishop ang mga drayber ng bus.*

*"Dapat gawin ng lahat ang kanilang bahagi para tulungan ang mga miyembro na maging self-reliant; gayunpaman, kung hindi gagamitin ng stake president at mga bishop ang kanilang mga susi para paandarin ang makina at imaneho ang bus, walang kapupuntahan ang sinuman."*

**RONALD ABAN, Self-Reliance Services manager sa Tacloban, Philippines**

# MGA RESPONSIBILIDAD NG PRIESTHOOD LEADER

## Stake Presidency (o District Presidency)

1. Nag-aaral at nagtuturo ng mga doktrina at alituntunin ng self-reliance (tingnan sa back cover). Tinatagubilinan ang mga bishop at mga miyembro ng stake self-reliance committee sa kanilang mga responsibilidad.
2. Ipinapaliwanag ang mga mithiin ng self-reliance sa stake.
3. Nag-oorganisa ng stake self-reliance committee na makagagawa, makapagpapatupad, at makapagmo-monitor ng self-reliance action plan para sa stake.
4. Inuunang anyayahan ang mga returned missionary at mga bagong miyembro (kung kailangan) na makibahagi sa mga aktibidad ng self-reliance.
5. Isinasama ang self-reliance sa agenda ng stake council.
6. Tumatawag ng isang stake self-reliance specialist.
7. Tumatawag ng mga Church-service missionary kung kinakailangan.
8. Nirerepaso ang mga stake self-reliance progress report at PEF loan report at kumikilos batay dito.
9. Nagbibigay ng tagubilin sa paggamit ng family history center para sa mga layuning ukol sa self-reliance kung kinakailangan.

## Stake Self-Reliance Committee


Ang stake self-reliance committee ay kinabibilangan ng mga sumusunod: isang miyembro ng stake presidency (namumuno sa committee), high councilor na naka-assign sa self-reliance, isang miyembro ng stake Relief Society presidency, ang chairman ng welfare council ng mga bishop, at ang stake self-reliance specialist. Maaaring ibilang sa mga opsyonal na makikibahagi ang mga miyembro ng stake Young Men at Young Women presidency, karagdagang mga stake specialist, full-time senior missionary, at Church-service missionary.

1. Pinapanood ang video na "Laboring unto Self-Reliance (Pagsisikap na Maging Self-Reliant)" (makukuha sa srs.lds.org/videos).
2. Gumagawa, nagpapatupad, at nagmo-monitor ng self-reliance action plan para sa stake.
3. Regular na nagbibigay ng mga debosyonal para sa *My Path to Self-Reliance (Ang Aking Landas Patungong Self-Reliance)* (tingnan sa pahina 4).
4. Nag-oorganisa ng stake self-reliance resource center at naglalagay ng mga tauhan dito. Nagtatalaga ng Church-service missionary couple o ng self-reliance specialist para mamahala sa center at mag-organisa ng mga self-reliance group (tingnan sa pahina 2).
5. Nagtuturo sa mga ward council ng kanilang mga tungkulin sa self-reliance.
6. Gumagamit ng resources at mga serbisyo na nilikha ng mga empleyado ng Self-Reliance Services.
7. Nag-aanyaya ng mga returned missionary at mga bagong miyembro (kung kinakailangan) para makibahagi sa mga debosyonal ng *My Path (Ang Aking Landas)* at sumali sa mga self-reliance group.

## Stake Self-Reliance Specialist

Ang mga specialist ang nag-uugnay sa lahat ng gawain ng Self-Reliance Services (stake self-reliance committee, stake self-reliance resource center, at Self-Reliance Services manager).

1. Naghahanda ng agenda ng stake self-reliance committee.
2. Nagbibigay ng training sa mga Church-service missionary at mga boluntaryo sa pangangasiwa ng self-reliance resource center.



*"Ang* pagiging self-reliant *ay bunga ng ating paggawa at pundasyon ng lahat ng iba pang gawaing pangkapakanan. . . . 'Magtrabaho tayo para sa ating pangangailangan. Maging self-reliant tayo at tumayo sa sariling mga paa. Ang kaligtasan ay hindi matatamo sa pamamagitan ng iba pang alituntunin.' "*

**THOMAS S. MONSON (binanggit ang pahayag ni Marion G. Romney), "Guiding Principles of Personal and Family Welfare," *Ensign,* Set. 1986, 3**

3. Nagbibigay ng training at pinamamahalaan ang iba pang mga self-reliance specialist sa stake.
4. Umoorder ng mga self-reliance material kung kailangan.
5. Nagbibigay ng training at tumutulong sa mga bishop at ward council kapag hinilingan.
6. Tumutulong sa pagrehistro ng mga miyembro sa srs.lds.org/register.
7. Nag-oorganisa, nagmo-monitor, sumusuporta, at nagpa-facilitate ng mga self-reliance group. (Ang iba pang mga miyembro ay maaaring hilingang mag-facilitate ng mga grupo kung kinakailangan.)
8. Pinag-aaralan at sinusunod ang mga alituntuning matatagpuan online sa srs.lds.org/facilitator.

### Bishopric (o Branch Presidency)

1. Nagtuturo sa mga miyembro ng ward ng mga doktrina at alituntunin ng self-reliance (tingnan sa back cover).
2. Namamahala sa mga gawaing ukol sa self-reliance sa pamamagitan ng ward council:
   - Tinutukoy, binibilang, at inaanyayahan ang lahat ng mga miyembrong kailangang maging self-reliant. Ang Adult Member Self-Reliance Tool sa leader.lds.org/self-reliance ay maaaring makatulong sa prosesong ito.
   - Sa pamamagitan ng mga lider ng korum at auxiliary, nagbibigay ng suporta, nagtuturo, at tumutulong sa mga nangangailangan.
3. Nag-aanyaya sa mga nangangailangan na kumpletuhin ang buklet na *My Path to Self-Reliance (Ang Aking Landas Patungong Self-Reliance)* at sumali sa isang self-reliance group.
4. Tumatawag ng mga self-reliance specialist para mag-facilitate ng mga grupo kung kinakailangan.
5. Nagsasagawa ng mga interbyu para sa PEF loan endorsement (tingnan sa srs.lds.org/loans).
6. Nirerepaso ang mga ward self-reliance progress report at PEF loan report at kumikilos batay rito. Ang mga bishop ay hindi dapat makibahagi sa pagkolekta ng PEF loan.
7. Humihingi ng karagdagang tulong mula sa stake self-reliance committee kung kinakailangan.

## RESOURCES

### Mga Self-Reliance Resource Center

Ang mga stake ay hinihikayat na magkaroon ng self-reliance resource center sa loob ng gusali ng Simbahan, na karaniwang nasa lokasyon din ng family history center. Ang mga tauhan sa self-reliance resource center ay mga Church-service missionary at mga boluntaryo at nagbibigay ng Internet access, nagtuturo, at nagbibigay ng iba pang makatutulong na resources sa mga naghahanap ng trabaho, mga self-employed, at magsisipag-aral.

### Mga Self-Reliance Group

Ang self-reliance group meeting ay parang isang council at kaiba sa karaniwang mga klase, lesson, at workshop sa Simbahan. Walang mga guro o trainer dito. Sa halip, ang mga group member ay nagpapayuhan, sama-samang natututo, nagtuturo sa isa't isa, nangangakong gagawin ang natutuhan



*"Hindi kailangan ng bagong [organisasyon] upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga taong ito. Ang tanging kailangan ay gamitin ang priesthood ng Diyos."*

**HAROLD B. LEE, "Admonitions for the Priesthood of God," *Ensign,* Ene. 1973, 104**



*"Walang problema sa pamilya, ward, o stake na hindi malulutas kung maghahanap tayo ng solusyon ayon sa pamamaraan ng Panginoon sa pamamagitan ng pagpapayo—talagang pagpapayo—sa isa't isa."*

**M. RUSSELL BALLARD, *Counseling with Our Councils,* rev. ed. (2012), 4**

nila, at pinapaalalahanan ang bawat isa sa mga pangakong ginawa nila. Ang pagtuturo ng isa't isa sa grupo at pagpapayuhan, kasama ang mga workbook at video, ay lumilikha ng kahika-hikayat na kapaligiran sa pag-aaral na nagpapalakas sa bawat miyembro sa kanyang pagsulong sa pagiging self-reliant.

Ang mga lider ng stake o ward ay tumatawag ng mga self-reliance specialist para mag-organisa at mag-facilitate ng mga self-reliance group. Ang mga group facilitator ay hindi mga guro; sa halip tinutulungan nila ang grupo na sundin ang pamamaraan ng self-reliance gaya ng nakasaad sa mga manual. Kakailanganin ng mga facilitator ang paminsan-minsang pag-access sa Internet at paraan para maipanood ang mga video sa mga miting ng grupo. Ang mga lider ay maaaring bumuo ng maraming grupo at tumawag ng maraming specialist kung kinakailangan. Maaaring hilingin sa iba pang mga group member na mag-facilitate kung kinakailangan. Ang bawat grupo ay magpupulong nang hindi kukulangin sa 12 beses sa loob ng dalawang oras bawat sesyon at binubuo ng 8 hanggang 14 na miyembro. Maaaring magpulong ang mga grupo sa mga stake self-reliance resource center, mga gusali ng Simbahan, o iba pang angkop na lugar na madaling mapuntahan ng mga miyembro.

Ang mga lokal na lider ang nagpapasiya kung alin sa sumusunod na mga grupo ang kailangan sa kanilang unit.

1. Ang mga grupong *Starting and Growing My Business (Pagsisimula at Pagpapalago ng Aking Negosyo)* ay tumutulong sa mga tao na makapagsimula o makapagpalago ng kanilang sariling negosyo. Hinalinhan ng mga grupong ito ang Self-Employment Workshop.
2. Ang mga grupong *My Job Search (Ang Paghahanap Ko ng Trabaho)* ay tumutulong sa mga tao na makahanap ng bago o mas magandang trabaho. Hinalinhan ng mga grupong ito ang Career Workshop.
3. Ang mga grupong *Education for Better Work (Edukasyon para sa Mas Magandang Trabaho)* ay tumutulong sa mga tao na matukoy ang pag-aaralan nila para madagdagan ang kanilang kita. Hinalinhan ng mga grupong ito ang Planning for Success.

Bilang bahagi ng bawat grupo, pag-aaralan din ng mga miyembro ang 12 alituntunin tungkol sa self-reliance mula sa booklet na *My Foundation: Principles, Skills, Habits (Ang Aking Saligan: Mga Alituntunin, Kasanayan, at Gawi).*

## Church Employee Support at mga Preferred Resource List

Ang Simbahan ay kumukuha ng mga tao sa bawat area para tumulong sa mga gawain sa self-reliance. Kabilang dito ang isang area self-reliance manager (ASRM), self-reliance operations manager, mga Self-Reliance Services manager, at iba pang mga tauhan. Tumutulong ang mga empleyadong ito na maipabatid ang mga pangangailangan ng mga stake self-reliance resource center at naglalaan ng resources at training sa mga stake. Maaaring kabilang sa resources na ito ang mga mentor, listahan ng Preferred Programs and Schools, mga mapapasukang trabaho sa lugar, at pangalan ng mga financing institution para makautang ng puhunan upang makapagsimula ng negosyo.

## Self-Reliance Website

Ang iba pang impormasyon para sa mga lider at miyembro ay makukuha sa srs.lds.org.

**Paano ko masusukat ang progreso ng pagiging self-reliant ng mga miyembro sa aking ward o stake?**

*Sa pagtulong ninyo sa inyong ward o stake na maging self-reliant, regular na bilangin ang mga miyembro na:*

1. *Tinukoy ng bishop na hindi self-reliant.*
2. *Nakakumpleto ng* My Path (Ang Aking Landas).
3. *Nakakumpleto ng* My Foundation (Ang Aking Saligan).
4. *Nakapagsimula ng negosyo, nagkaroon ng magandang trabaho, o programang pang-edukasyon.*

## Leader and Clerk Resources

Matutulungan ng Adult Member Self-Reliance Tool ang mga bishop kapag tinukoy at pinagtuunan nila ng pansin ang mga miyembro na hikahos sa buhay. Ang resource na ito ay makukuha sa leader.lds.org/self-reliance.

## Mga Debosyonal para sa *My Path to Self-Reliance (Ang Aking Landas Patungong Self-Reliance)*

Ang mga stake o ward ay regular na nagdaraos ng mga debosyonal para sa *My Path to Self-Reliance (Ang Aking Landas Patungong Self-Reliance)*. Ang debosyonal na ito ay tumutulong sa mga miyembro na magsimula sa landas patungong self-reliance sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na maunawaan ang espirituwal na kahalagahan ng self-reliance, makita kung gaano sila ka-self-reliant ngayon, malaman ang mga kasanayan at kitang kailangan para maging self-reliant sa temporal, at makapili ng self-reliance group na tutulong sa kanila na makamit ang mithiing iyan. Ang booklet na *My Path to Self-Reliance (Ang Aking Landas Patungong Self-Reliance)* ang nagpa-facilitate ng prosesong ito. Ang assessment ay magagawa rin nang paisa-isa, kasama ang isang priesthood leader, self-reliance specialist, sa isang self-reliance resource center, o sa iba pang lugar. Panoorin ang "How to Use *My Path*" sa srs.lds.org/videos.

## Mga Training Video

Panoorin ang sumusunod na mga video online sa srs.lds.org/videos.


| AUDIENCE | PAMAGAT NG VIDEO |
|---|---|
| **Mga Lider** | Maglalaan Ako para sa Aking mga Banal |
| | Ang Stake Self-Reliance Committee |
| | Ang Stake Self-Reliance Committee Meeting |
| | Mga Stake Self-Reliance Specialist |
| | Pagtulong sa mga Ward Council |
| | Paano Bumuo ng mga Self-Reliance Group |
| | Pagsisikap na Maging Self-Reliant |
| | Mga Video ng *My Foundation (Ang Aking Saligan* (12) |
| **Mga Facilitator** | Ang Aking Layunin |
| | Paano Mag-facilitate ng Grupo |
| | Paano: Maghanda |
| | Paano Mag-facilitate: *My Foundation (Ang Aking Saligan)* |
| | Paano Mag-facilitate: Magreport |
| | Paano Mag-facilitate: Pag-aralan |
| | Paano Mag-facilitate: Pag-isipang Mabuti |
| | Paano Mag-facilitate: Mangakong Gawin |
| | Paano: Mangasiwa ng mga Miting |
| | Matutong "Humayo at Gumawa" |

## Tumatanggap ng Feedback

Mangyaring ipadala ang inyong mga ideya, feedback, mungkahi, at mga karanasan sa SRSfeedback@ldschurch.org o srs.lds.org/feedback.


## Mga Materyal para sa Grupo

Ang mga materyal, video, at training ay makukuha sa Gospel Library mobile application at online sa srs.lds.org. Ang mga materyal ay maaari ding orderin sa mga distribution center ng Simbahan.





### *My Path to Self-Reliance (Ang Aking Landas Patungong Self-Reliance)*

Lahat ng sasali ay magsisimula sa booklet na ito para malaman kung gaano sila ka-self-reliant ngayon at magpapasiya kung aling grupo ang makakatulong sa kanila na maging self-reliant. Kabilang sa mga grupo ang self-employment, paghahanap ng trabaho, at edukasyon.





### *My Foundation: Principles, Skills, Habits (Ang Aking Saligan: Mga Alituntunin, Kasanayan, at Gawi)*

Gagamitin ng mga miyembro ng lahat ng tatlong grupo ang booklet na ito kada miting para talakayin at isagawa ang mahahalagang espirituwal na alituntunin ng self-reliance.





### *Starting and Growing My Business (Pagsisimula at Pagpapalago ng Aking Negosyo)*

Para sa mga taong may negosyo na o gustong magnegosyo. Ang mga group member ay nagpapraktis ng record keeping, marketing, at cash management. Sumusubok din sila ng mga paraan para mapalago ang kanilang kita sa pamamagitan ng pagkakaroon ng maliliit na negosyo.




### *My Job Search (Ang Paghahanap Ko ng Trabaho)*

Para makakuha ng magandang trabaho ang mga taong may mga kasanayan o skills. Nakakakuha ng trabaho ang mga group member sa pamamagitan ng pagtukoy sa mga job opportunity, networking, buong tiwalang pagpapakilala ng kanilang sarili, at paghahanda para sa mga tanong sa interbyu. Ang resulta ng pagsali sa grupong ito ay pagkakaroon ng trabaho.




### *Education for Better Work (Edukasyon para sa Mas Magandang Trabaho)*

Para sa mga taong nangangailangan ng edukasyon o training para magkaroon ng magandang trabaho o makapagsimula ng negosyo. Tinutukoy ng mga group member ang trabaho na tutulong sa kanila na maging self-reliant at pagkatapos ay maghahanap ng paaralan o programa (kabilang na ang Pathway) na hahantong sa trabahong iyon. Sa pagsali sa grupong ito nagkakaroon ng plano sa pag-aaral at PEF loan (kung kinakailangan).

Ang mga group member na nakakumpleto ng mga requirement sa *My Foundation (Ang Aking Saligan)* at *Starting and Growing My Business (Pagsisimula at Pagpapalago ng Aking Negosyo)* ay maaaring makatanggap ng mga sertipiko mula sa LDS Business College.

## MGA DOKTRINA AT ALITUNTUNIN NG SELF-RELIANCE

### Mga Doktrina

1. **Ang temporal at espirituwal ay hindi mapaghihiwalay**
   *Doktrina at mga Tipan 29:34; Alma 37:38–43*

2. **Ang Panginoon ay nag-utos na maging self-reliant tayo at taglay Niya ang lahat ng kapangyarihan para tulungan tayo.**
   *Doktrina at mga Tipan 104:15–16; 100:1; 1 Nephi 9:6; 2 Nephi 27:21, 23; Mosias 4:9; Mateo 28:18*

3. **Ang self-reliance ay alituntunin ng kadakilaan.**
   *Doktrina at mga Tipan 132:20*

### Mga Alituntunin

Para sa mga detalye tungkol sa mga sumusunod na alituntunin, tingnan sa self-reliance booklet na *My Foundation: Principles, Skills, Habits (Ang Aking Saligan: Mga Alituntunin, Kasanayan, at Gawi).*

1. **Manampalataya kay Jesucristo**
   *1 Nephi 9:6; Sa Mga Hebreo 11*

2. **Maging masunurin**
   *Doktrina at mga Tipan 93:28; 130:20–21; Abraham 3:25; Sa Mga Hebreo 5:8–9*

3. **Kumilos**
   *2 Nephi 2:16, 26*

4. **Maglingkod at magkaisa**
   *Moises 7:18; Mga Taga Galacia 5:14*

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

Self-Reliance Services
PERPETUAL EDUCATION FUND

TAGALOG
4 02123 73893 6
12373 893